

MGA PROTEKSYON NG TRABAHADOR SA PANAHON NG PAGSIKLAB NG COVID-19

Ang iyong amo (employer) ay dapat na gumawa ng mga hakbang upang ikaw ay panatilihin ligtas kung kuang isang mpirmadong pagsiklab ng COVID-19 ay magaganap sa iyong lugar ng trabaho, kabilang ang mga sumusunod:

Plano sa Pagpigil

- Ang iyong amo ay dapat na may nakalagay na nakasulat na Programa sa Pagpigil ng COVID-19 na tumutukoy, sumusuri, at nagtatama ng mga panganib sa COVID-19 sa iyong lugar ng trabaho at nagbibigay ng pagsasanay sa mga trabahador sa plano sa pagpigil na ito.

Pagsasala (Screening)

- Ang mga amo ay dapat na bumuo at magpatupad ng isang proseso para sa pagsasala ng mga empleyado sa mga sintomas ng COVID-19.

Mga Pag-aabiso

- Kung 3 o higit pang mga trabahador ay mayroong COVID-19 sa loob ng panahon na 14 na araw, dapat na iulat ito ng iyong amo sa Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan sa loob ng 48 oras.
- Ang mga amo (employers) ay dapat na magbigay ng nakasulat na abiso sa potensyal na pagkakalantad sa loob ng isang araw na may pasok sa lahat ng mga empleyado at iba pang mga trabahador na nasa parehong lugar ng trabaho tulad ng kaso sa panahon na sila ay nakakahawa.¹

Mga Maskara

- Ang mga maskara na lapat ang pagkakakasya na nakasuot sa ibabaw ng bibig at ilong ay inaatas para sa lahat ng mga nalantad na empleyado kapag nagtatrabaho sa mga panloob na lugar o sa isang pinagsasaluhang sasakyan, Iniaatas din ang mga maskara sa mga panlabas na lugar kung ang mga trabahador ay hindi makapagpapanatili ng 6 na talampakang espasyo mula sa iba.
- Ang mga amo ay dapat na magbigay ng mga medikal na maskara na lapat ang pagkakakasya, at mga respireytor (hal., N95, KN95, KF94) sa lahat ng mga trabahador na humiling ng mga ito.
- Ang mga amo ay dapat na magpaskil ng mga palatandaan na nagsasabi sa mga tao na magsuot ng masakara.

Pagsusuri (Testing)

- Ang mga amo ay dapat na mag-alok ng pagsusuri sa lahat ng potensyal na nalantad na trabahador nang walang karagdagang gastos at hindi bababa sa isang beses sa isang linggo. Ito ay hindi lumalapat kung ang mga empleyado ay wala sa trabaho sa panahon ng pagkakalantad o kamakailan ay gumaling mula sa COVID-19 at walang mga sintomas.
- Dapat na bayaran ng mga amo ang mga trabahador para sa kanilang oras upang makapagpapasuri, kahit na ang pagsusuri ay hindi nagaganap sa lugar ng trabaho at labas ng regular na mga oras ng trabaho ng mga trabahador

Hindi Pagpapapasok (Time Off)

- Ang mga amo ay dapat na sabihan ang mga trabahador na may COVID-19 at mga trabahador na nagkaroon ng malapitang pakikisalamuha ngunit hindi kumuha ng pagsusuri, na sila ay hindi pinapayagan na magtrabaho hanggang sa kanilang matugunan ang pamantayan sa pagbabalik-trabaho ng Pamublikong Kalusugan² [maliban kung tukuyin ng Koponan ng Imbestigasyon sa Pagsiklab (Outbreak Investigation Team)].
- Ang mga amo ay dapat na mag-alok ng bayad sa hindi pagpapapasok (kilala bilang bukod na bayad) sa mga kwalipikadong trabahador na nalantad sa COVID-19 sa trabaho.³ Hindi maaaring gumanti ang mga amo laban sa trabahador na humiling ng bayad na ito.

Bentilasyon

- Ang mga amo (employers) ay dapat na siguruhin na ang mga espasyo ng trabaho ay may magandang daloy ng hangin sa pamamagitan ng paggamit ng epektibong mga sistema ng bentilasyon upang magtaguyod ng mas mahusay na bentilasyon at kalidad ng hangin.

Kung mayroon kang mga pagkabahala sa kalusugan tungkol sa pagsiklab sa lugar ng trabaho

- Makipag-usap sa iyong kinatawan ng unyon.
- Maghain ng reklamo sa Cal/OSHA sa pamamagitan ng pagtawag sa 833-579-0927.
- Maghain ng reklamo ng hindi makikilala sa Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng LA County sa pamamagitan ng pagtawag sa 888-700-7995.

¹ Para sa mas marami pang impormasyon sa mga panahong nakakahawa, bisitahin ang [dir.ca.gov/dosh/coronavirus/COVID19FAQs.html#workCases](https://www.dir.ca.gov/dosh/coronavirus/COVID19FAQs.html#workCases)

² Tingnan ang pamantayan sa pagbabalik-trabaho Talahanayan 1 ng Pamublikong Kalusugan [ph.lacounty.gov/acd/ncorona2019/docs/returntoworktables.pdf](https://www.ph.lacounty.gov/acd/ncorona2019/docs/returntoworktables.pdf)

³ Para sa mas marami pang impormasyon tungkol sa bukod na bayad, bisitahin ang [dir.ca.gov/dosh/coronavirus/COVID19FAQs.html#exclusions](https://www.dir.ca.gov/dosh/coronavirus/COVID19FAQs.html#exclusions)

Para sa impormasyon sa Supplemental na bayad na bakasyon dahil sa sakit, tingnan ang [dir.ca.gov/dlse/COVID19Resources/2022-SPSL-FAQs.html](https://www.dir.ca.gov/dlse/COVID19Resources/2022-SPSL-FAQs.html)

